# Ang mga Nag-uupa na Humaharap ng Ebiksyon sa North Carolina ay Maaaring Makatanggap ng Federal na Tulong

**Release Date: October 4, 2018**

RALEIGH, N.C. – Ang mga nag-uupa sa North Carolina na humaharap ng ebiksyon o pina-ebik sa kanilang inuupahan na apartment kompleks na napinsala ng bagyo—maski nasira ang kanilang unit o hindi—ay maaaring makatanggap ng tulong para sa sakuna galing sa FEMA.

Maraming paraan upang makapagrehistro para sa tulong para sa sakuna:

- Mag-online at bumisita sa DisasterAssistance.gov.
- Gamitin ang app FEMA para sa selfon .
- Tawagan ang FEMA sa 800-621-3362 (boses, 711 or VRS) o 800-462-7585 (TTY) kahit anong oras simula 7 a.m. hanggang 11 p.m. sa lokal na oras pitong araw kada linggo. May abeylabol na mga operaytor para sa iba't ibang wika.
- Bumisita sa Rekaberi Senter para sa Sakuna. Nagsilbing isang one-stop shop ang mga senters para sa mga nakaligtas sa bagyo na nangangailangan ng one-on-one na tulong. Maaaring bumisita ang sino mang nakaligtas na mga mamamayan sa kahit anong senter para humingi ng tulong. Upang makahanap ng senter, pumunta sa fema.gov/DRC.

Ang mga nag-uupa na nakaregistro na para sa federal na tulong at saka pina-ebik dahil sa pinsala sa ibang bahagi ng kanilang kompleks ay dapat idala ang notis ng ebiksyon sa isang rekaberi senter.



Page printed at fema.gov/tl/news-release/20200220/nhung-nguoi-thue-nha-nao-ma-bi-doi-mat-voi-viec-bi-duoi-nha-tai-north 08/13/2024

Ang mga nag-uupa na nawalan ng tirahan at nangangailangan ng ligtas na lugar upang matirahan habang naghahanap sila ng pangmatagalang tirahan ay maaaring makatanggap ng tulong upang pagsamantalang tumira sa hotel na babayaran ng FEMA galing sa kanilang programa naTulong para sa Transisyonal na Tirahan.

Maaaring makatanggap ng mga grant ang mga umuupa galing sa FEMA upang makatulong sa mga gastusin na dahil sa sakuna, kagaya ng:

- Umuupa ng bahay dahil ang dating bahay na nirerentahan ay hindi na ligtas na tirahan dahil sa pinsala o dahil ang kanilang apartment kompleks ay kasalalukuyang kinukumpuni.
- Mga gastusin na medikal at dental na dahil sa sakuna.
- Tulong para may mag-aalaga ng anak.
- Pambayad sa paglilipat at pag-iimbak.
- Gastusin pampalit o pang-kumpuni ng mga nawala o napinsalang mahahalagang personal na kagamitan noong bagyo, kagaya ng mga aplayans at mwebles, mga libro at kompyuter na ginagamit ng mga estudyante, at aparato para sa trabaho o mga kagamitan na ginagamit ng kontraktor na independente.
- Pangpakumpuni o pangpalit ng mga sasakyan na napinsala dahil sa sakuna.
- Gastusin para sa burol at pagpapalibing na sanhi ng sakuna.

Ang mga grant ay hindi utang at hindi ito kailangan bayaran. Hindi ito bubuwisan na kita at hindi makakaapekto sa pagiging-elijibol para makatanggap ng Social Security, Medicaid, tulong para sa welfeyr, benepisyo galing sa Programang Tumutulong sa Pandagdag ng Nutrisyon (SNAP) at iba pang mga programa.

Ang federal na deklarasyon para sa sakuna para sa Bagyong Florence ay nagtalaga ng 28 na counties para sa Indibidwal na Tulong: Beaufort, Bladen, Brunswick, Carteret, Columbus, Craven, Cumberland, Duplin, Greene, Harnett, Hoke, Hyde, Johnston, Jones, Lee, Lenoir, Moore, New Hanover, Onslow, Pamlico, Pender, Pitt, Richmond, Robeson, Sampson, Scotland, Wayne at Wilson.

Nais ng FEMA na lahat ng nakaligtas sa sakuna ay may patas na pagkakataon upang maintindihan ang mga impormasyon at tulong para sa sakuna. Ang mga umuupa na bingi o nahihirapan makarinig ay maaaring panoorin ang bidyo tungkol sa mga abeylabol na tulong. Panoorin sa youtube.com/watch?v=yAHSPK_K7tg.

###

Misyon ng FEMA: Tulongan ang mga mamamayan bago, habang, at pagkatapos ng mga sakuna.

Para sa iba pang impormasyon sa rekaberi ng North Carolina dahil sa Bagyon Florence, bisitahin ang NCDPS.gov/NCEM atFEMA.gov/Disaster/4393. Sundan sa Twitter: @NCEmergency at @FEMARegion4.

Lahat ng tulong sa sakuna ng FEMA ay ibinibigay ng walang diskriminasyon dahil sa lahi, kulay, kasarian( kasali ang sekswal na pang-haharas), relihiyon, nasyon na pinanggalingan, edad, kapansanan, hindi kagalingan mag-ngles, estado sa ekonomiya, o retalyasyon. Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatang sibil, pakitawag ang 800-621-3362 or 800-462-7585(TTY/TDD).

Ang pansamantalang tulong sa bahay, at grants para sa gastos para sa pampublikong transportasyon, medikal at dental na gastos, at mga gastos para sa burol at pang-libing ay hindi kinakailangan mag-aplay ng kada-individwal ng SBA na utang. Samakatwid, ang mga aplikante na nakatanggap ng aplikasyon upang makakuha ng utang sa SBA ay dapat ibigay ito sa isang opiser ng utang sa SBA upang makatanggap ng tulong para masakop ang mga gastusin para sa personal na pag-aari, pagpapaayos o pagpapalit ng sasakyan, at paglilipat o pag-iimbak.